5

# Modelong Banghay- Aralin sa EPP

Kuwarter 2

Aralin

5

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa EPP 5**
**Kuwarter 2: Aralin 5 (Linggo 5)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Management Team**

Juan Dela Cruz, Juan Dela Cruz, and Juan Dela Cruz

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ASIGNATURA, KUWARTER, BAITANG O ANTAS**

| | |
|---|---|
| ***I.* NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
| ***A.* Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Ang mga mag-aaral ay naipapamalas ang pag-unawa sa maingat na pangangalaga, pagpaparami, pag-aani, pag-iimbak at pagbebenta ng *poultry animals* sa masistemang pamamaraan bilang isang kapaki-pakinabang at mapagkakakitaang gawain. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Ang mga mag-aaral ay naisasagawa ang maingat na pangangalaga, pagpaparami, pag-aani, pag-iimbak at pagbebenta ng poultry animals sa masistemang pamamaraan bilang isang kapaki-pakinabang at mapagkakakitaang gawain. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Kasanayan***<br>1. Natatalakay ang mga karaniwang sakit, sanhi, palatandaan, pamamaraan sa pag-iwas at panlunas sa mga sakit ng *poultry animals.*<br><br>***Layunin***<br>1. Natutukoy ang mga karaniwang sakit, sanhi, palatandaan, pamamaraan sa pag-iwas at panlunas sa mga sakit ng poultry animals;<br>2. Naiisa-isa ang mga kahalagahan ng pagtukoy ng mga karaniwang sakit upang maiwasan ang paglaganap nito sa mga *poultry animals;* at<br>3. Nakagagawa ng natural gamot na lunas sa karaniwang sakit ng mga *poultry animals.* |
| **D. Nilalaman** | Mga Karaniwang Sakit, Sanhi, Palatandaan, Pamaraan sa Pag-iwas at Panlunas sa mga Sakit ng Poultry Animals |
| **E. Integrasyon** | SDG 8- Decent Work and Economic Growth<br><br>SDG 12- Responsible Consumption and Production |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


- Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura sa California (2024). SoCal Nestbox https://socalnestbox.com/tl/avian-influenza-what-you-need-to-know/
- Univet Nutrition & Animal Healthcare Company (2024). All rights reserved. https://unahco.com/news-events/vetracin-gold-atbp-mga-paraan-para-maaksyunan-ang-pneumonia-sa-swines-at-gamefowls/
- Merck & Co., Inc., Rahway, NJ, USA and its affiliates (2024). All rights reserved. Necrotic Enteritis in Poultry By Billy M. Hargis, DVM, PhD, DACPV, Department of Poultry Science, Dale Bumpers College of Agricultural, Food and Life Sciences, University of Arkansas and the Arkansas Agricultural Experiment Station, UA Division of Agriculture Reviewed/Revised Apr 2023 https://www.msdvetmanual.com/poultry/necrotic-enteritis/necrotic-enteritis-in-poultry
- Paggamot para sa Pagtatae sa Manok (n.d.), https://gardenlux-tl.decorexpro.com/hozyajstvo/ptitsevodstvo/lechenie-ponosa-u-tsyplyat.html
- Zamora, O.B. (2009). Likas-kaya at Organikong Pagsasaka. https://goorganicphils.wordpress.com/wp-content/uploads/2009/05/likas-kayang-pagsasaka.pdf


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral.** Panuto. Bilugan ang larawan ng mga *poultry animals* na kaniwang nakikita sa komunidad at isulat ang pangalan nito sa patlang.<br> ______________  ______________  ______________ | Ibigay ang maikling pagbabalik-aral upang malaman ang kahandaan at kasanayan ng mga mag-aaral mula sa nakaraang aralin. |


____________


____________


____________

**2. Pidbak (Opsiyonal)**

**B. Paglalahad ng Layunin**

**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

**Tama o Mali**

Panuto: Isulat ang Tama kung ito ay nagsasabi ng katotohanan at Mali naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot bago ang bilang.

1) Ang mga manok ay hindi ibon.
2) Ang mga ibon at nagkakaroon din ng bulutong.
3) Ang mga manok sa bakuran ay maaring mahawaan ng sakit.
4) Ang mga ay hindi nagkakasipon dahil matibay ang resistensiya nila sa init ng araw at ulan.
5) Ang mga inaalagaang manok sa bakuran ay hindi nangangailangan ng bitamina.
6) Ang mga ibon na namatay sa sakit ay maaring ulamin dahil hindi ito nakahahawa sa tao.
7) Ang pag-aalaga ng manok o ano mang klase ng ibon ay maaring pagkuhanan ng pinansiyal na pangangailangan.
8) Ang mga ibon ay kagaya rin ng tao na kailangang gamutin pag nagkaroon ng sakit.

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

Ang mga sumusunod na salita ay binigyang kahulugan upang lubos na maintindihan ang aralin.

| | |
|---|---|
| *Poultry* | Ang poltri ay tumuturing sa mga ibong inaalagaan sa bukirin, na karaniwang pinalalaki para ibenta, lutuin at kainin ang kanilang karne at itlog. |
| Lunas | Ito ay araniwang tumutukoy sa gamot sa mga karamdaman. |

Ibigay ang gawain upang mailahad ang kahalagahan sa pagkatuto sa aralin. Maaring gumamit ng stratehiya sa bahaging ito upang mas kapana-panabik ang gawain.

Ibigay ang susing-salita na magagamit nila sa buong aralin upang lubos nilang maintindihan ang aralin.

| | |
|---|---|
| Bitamina | Ito ang mga sustansiyang kailangan para sa kalusugan ng katawan. |
| Natural | Ito ay nanggaling sa kalikasan, tunay at walang halong artipisyal o pagbabago ng tao. |
| Antimicrobial | Ito ay gamot na binibigay sa mga alagang manok upang mapuksa ang mga mikrobyo gaya ng *bacteria.* |

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

**Kaugnay na Paksa 1: Mga Karaniwang Sakit, Sanhi, Palatandaan, Pamaraan sa Pag-iwas at Panlunas sa mga Sakit ng *Poultry Animals***

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

**Panuto:** Suriin ang dalawang larawan. Paghambingin ang dalawang larawan gamit ang Venn Diagram. Isulat ang pagkakaiba sa magkabilang bilog at ang pagkakapareho naman sa gitna.







Ibigay ang paunang gawain para sa pagsisimula ng aralin. Hikayatin ang mga mag-aaral ng magsulat ng kanilang obserbasyon base sa ipapakitang larawan. Iproseso nang mabuti ang gawaing ito.

### Ikalawang Araw

| Mga Karaniwang Sakit ng *Poultry Animals* | |
|---|---|
| **Sakit** | Avian Flu<br> |
| **Sanhi** | Ito ay nakakahawang sakit ng mga ibon dulot ng *avian influenza type A* virus ng mga ibong inaalagaan at nasa ilang. |
| **Palatandaan** | • Kakulangan ng enerhiya, gana, at koordinasyon<br>• Pagkakaroon ng kulay na lila sa iba't ibang bahagi ng katawan<br>• Pamamaga ng iba't ibang bahagi ng katawan<br>• Matubig o berdeng pagtatae<br>• Pag-ubo at pagbahin<br>• Nabawasan o abnormal na produksyon ng itlog<br>• Biglaang pagkamatay nang walang anumang klinikal na palatandaan |
| **Paraan ng Pag-iwas at Panlunas** | • Huwag hawakan ang mga ligaw na ibon na may sakit o patay.<br>• Tumutok sa mahusay na biosecurity (ibig sabihin, huwag hayaang makapasok ang mga bagay sa labas ng iyong kulungan gaya ng mga ligaw na ibon at daga sa iyong kulungan).<br>• Maghugas ng kamay bago at pagkatapos hawakan ang mga ibon.<br>• Hugasan at linisin nang husto ang mga *feeder,* kulungan, hawla, mangkok ng tubig, o anumang bagay na regular nilang ginagamit ng mga ibon. |

Talakayin ang mga karaniwang sakit, palatandaan, pamamaraan sa pag-iwas at panluna sa mga sakit ng *poultry animals.* Maaaring gumamit ng mga larawan upang makita nila ang itsura ng mga alagang manok na tinamaan ng mga sakit.

| | |
|---|---|
| | ● Kung magdadala ka ng mga bagong ibon sa iyong kulungan, i-*quarantine* sila sa loob ng 10 araw sa isang hiwalay na lugar upang makumpirma na sila ay malusog at hindi nagpapakita ng anumang mga palatandaan ng sakit. |

| | |
|---|---|
| **Sakit** | Pneumonia  |
| **Sanhi** | Sa sakit na ito, ang bacteria na *Mycoplasma gallisepticum* ang nakaka-apekto sa iyong mga alaga. Mas laganap ito kapag *stressed* ang mga alaga.<br><br>Ang bacteria na sanhi ng sakit na ito ay naipapasa sa pamamagitan ng mga itlog, sa hangin, mga lagayan na ginagamit sa paglipat ng mga ibon, o sa pagsasama ng mga nahawaang ibon sa mga malulusog na ibon. |
| **Palatandaan** | Ang mga sintomas ng Pneumonia o ay:<br>● Paghahaching (sneezing)<br>● Pagsisinghot (sniffing)<br>● Pag-ubo (coughing)<br>● Senyales ng *respiratory disease*<br>● Mabagal na paglaki (slow growth)<br>● Basang ilong |
| **Paraan ng Pag-iwas at Panlunas** | ● Regular na pagpapainom ng bitamina<br>● Kung magdadala ka ng mga bagong ibon sa iyong kulungan, i-*quarantine* sila sa loob ng 10 araw sa isang hiwalay na lugar upang makumpirma na sila ay malusog |

| | |
|---|---|
| | at hindi nagpapakita ng anumang mga palatandaan ng sakit.<br>● Kumunsulta ta beterinaryo para sa antibiotics o lunas. |

| | |
|---|---|
| **Sakit** | Fowl pox<br> |
| **Sanhi** | Sa sakit na ito, ang bacteria na *Mycoplasma gallisepticum* ang nakaka-apekto sa iyong mga alaga. Mas laganap ito kapag *stressed* ang mga alaga.<br><br>Ang bacteria na sanhi ng sakit na ito ay naipapasa sa pamamagitan ng mga itlog, sa hangin, mga lagayan na ginagamit sa paglipat ng mga ibon, o sa pagsasama ng mga nahawaang ibon sa mga malulusog na ibon. |
| **Palatandaan** | Ang mga sintomas ng Pneumonia o CRD ay:<br>● Paghahaching (sneezing)<br>● Pagsisinghot (sniffing)<br>● Pag-ubo (coughing)<br>● Senyales ng respiratory disease<br>● Mabagal na paglaki (slow growth)<br>● Basang ilong |
| **Paraan ng Pag-iwas at Panlunas** | ● Regular na pagpapainom ng bitamina<br>● Kung magdadala ka ng mga bagong ibon sa iyong kulungan, i-quarantine sila sa loob ng 10 araw sa isang hiwalay na lugar upang makumpirma na sila ay malusog at hindi nagpapakita ng anumang mga palatandaan ng sakit. |

| | |
|---|---|
| | • Kumunsulta ta beterinaryo para sa antibiotics o lunas. |

| | |
|---|---|
| **Sakit** | Enteritis  |
| **Sanhi** | Ang necrotic enteritis ay sanhi ng paglaki ng bituka ng *Clostridium perfringens* Type A at C sa mga batang *broiler* at kung minsan ay inahing manok. |
| **Palatandaan** | Ang mga klinikal na palatandaan ay kadalasang napakaikli ang buhay, at kadalasan ang tanging senyales ay isang matinding depresyon na sinusundan ng biglaang pagtaas ng dami ng namamatay sa kawan. |
| **Paraan ng Pag-iwas at Panlunas** | Ang paggamot ay sa pamamagitan ng inuming tubig na may gamot na antimicrobial. |

| | |
|---|---|
| **Sakit** | Pullorosis  |

| | |
|---|---|
| **Sanhi** | Ang puting pagtatae sa manok ay isang palatandaan ng *pullorosis* na sanhi ng mga mikroorganismo ng genus na Salmonella. |
| **Palatandaan** | Ang mga pangunahing sintomas ay ang sumusunod:<br>● Ibinaba ang mga pakpak<br>● Pangkalahatang kahinaan<br>● Walang gana<br>● Mahinang balahibo<br>● Likidong puting dumi<br>● Sa mga broiler, ang mga kasukasuan ng mga binti ay namamaga. |
| **Paraan ng Pag-iwas at Panlunas** | ● Ang mga manok ay binibigyan ng mga *antibiotics* ng grupo ng *tetracycline* at mga gamot na *antimicrobial* na may feed.<br>● Hinihiwalay ang manok na may sakin upang hindi makahawa sa iba. |

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Pagkilala.** Tukuyin ang sakit ng bawat poultry animals na nakalagay sa ibaba. Basahin ang mga sintomas bilang patnubay sa iyong pagsagot.



| Sintomas | Sakit |
|---|---|
| • Matinding depresyon na sinusundan ng biglaang pagkamatay. | |



| Sintomas | Sakit |
|---|---|
| • Ibinaba ang mga pakpak;<br>• Pangkalahatang kahinaan;<br>• Mahinang balahibo;<br>• Likidong puting dumi; | |

Ibigay ang gawaing upang matukoy ang mga karaniwang sakit ng poultry animals.

| | |
|---|---|
| | |



| Sintomas | Sakit |
|---|---|
| • Ibinaba ang mga pakpak;<br>• Pangkalahatang kahinaan;<br>• Walang gana;<br>• Mahinang balahibo; | |



| Sintomas | Sakit |
|---|---|
| • Kakulangan ng enerhiya, gana, at koordinasyon<br>• Purplish discoloration ng iba't ibang bahagi ng katawan | |

**Ikalawang Araw**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Tagasaliksik**: Bumuo ng tatlong miyembro bawat group. Ang bawat grupo ay magsasaliksik sa kanilang komunidad tungkol sa mga sumusunod na mga tanong. Maaring kumonsulta sa mga nakakatanda o Kagawad na nakatalagang Tagapangulo sa Komite ng Agrikultura. Isulat ang iyong sagot sa talahanayan.

1. Anong *poultry animal* ang karaniwang inaalagaan sa inyong komunidad?
2. Ano ang mga karaniwang sakit ng mga *poultry animals* sa inyong komunidad?
3. Anu-ano ang mga ginagawang hakbang para maiwasan ang paglaganap ng sakit sa mga *poultry animals*?

Hayaang pumili ang mga mag-aaral ng kanilang mga kagrupo. Sa gawaing ito, maaaring kumonsulta sa mga nakakatanda o Kagawad na nakatalaga sa Komite ng Agrikultura.

Magkakaroon ng panonood ng mga maiikling bidyo upang magkaroon ng kaalaman ang mga mag-aaral kung paano ang paghahanda ng natural gamot na maaaring lunas sa mga karaniwang sakit ng mga poultry animals.

| Poultry Animal | Karaniwang Sakit at Palatandaan | Mga Hakbang o Lunas na Isinagawa |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. | | |

**Kaugnay na Paksa 2: Paghahanda ng Natural na Gamot bilang Lunas sa mga Karaniwang Sakit**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Panuto. Panoorin ang bawat video na nagtatalakay ng iba't-ibang paraan ng paghahanda ng mga natural na gamot sa mga karaniwang sakit.




Ang Pinaka Mabisang Natural Na Gamot Sa Mga Sakit Ng Manok!

https://www.youtube.com/watch?v=fndHN-hWSZk




PAANO MAIWASAN ANG MGA SAKIT NG MANOK|HERBAL MEDICINE|BACKYARD FARMING|HERITAGE CHICKENS




Mga halamang Gamot at Vitamins sa Manok|Alternatibong gamot at Vitamins sa Manok

Ibigay ang mga katungan bago nila panoorin ang mga bidyo.

[illegible]

[illegible]

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Panuto:** Ayon sa napanood na video, sagutin ang sumusunod:

1. Anu-ano ang mga natural na gamot na pinakita sa video?
2. Makikita ba sa inyong komunidad ang mga nabanggit na natural na gamot? Tukuyin ang mga ito.
3. Naranasan niyo na ba sa inyong tahanan ang paggamit ng natural na gamot? Anong gamot ito?

**Listahan ng mga Halamang Gamot para sa mga Karaniwang Sakit ng mga Poultry Animals at iba pang Hayop**

| Halamang Gamot | Sakit o Karamdaman | Parte ng Halaman | Paraan ng Paghahanda | Dami ng Gamot |
|---|---|---|---|---|
| Luyang Dilaw | Kabag, lagnat, pagtatae, sipon, ubo, tamlay sa pagkain | Ugat o buong halaman | Pakuluan sa tubig at ang sabaw ang ipainom sa hayop | 1 litro sa isang araw sa loob ng tatlong araw para sa hayop na may buhay na timbang na 60-90 kilo |
| Alagaw | Lagnat, sipon | Dahoon at bulaklak | Pakuluan at ipainom ang sabaw. | ½ tasa, 3 beses sa isang araw sa loob ng 3 araw |
| Bayabas | Sipon at pagtatae | Dahon | Pakuluan sa tubig at ipainom; kung mga sugat ay dikdikan at itapal ito. | 1-2 baso, 2-3 beses sa isang araw sa loob ng 1-2 araw; kung ipanglalanggas sa sugat |

Bigyan ng kalayaan na mamili ang mga mag-aaral ng kani-kanilang grupo. Sila ang mamimili ng sariling halamang gamot na maaaring lunas sa mga karaniwang sakit ng mga *poultry animals.* Alalahanin na ang paghahanda ng lunas na

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | ay 3 beses sa isang araw hanggang matuyo ang sugat. |
| Malunggay | Sipon, lagant, sugat, kawalan ng gatas | Dahon | Isama sa pagkain; dikdikin at ipahid sa mga sugat. | 1 kilo, 3 beses sa isang araw sa loob ng 2 araw ; 1 beses kung pagkain. |

**Ikaapat na Araw**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Pangkatang gawain.** Bumuo ng 3-4 na miyembro bawat grupo. Ang bawat grupo ay gagawa ng 3-4 na minutong bidyo na nagpapakita ng mga paghahanda ng iba't-ibang gamot o lunas para sa mga karaniwang sakit ng *poultry animals.* Gamitin ang generic score card upang maging gabay sa gawaing ito.

| **Pamantayan** | **Tsek** | **Ekis** |
|---|---|---|
| Naihanda ang lahat ng mga kagamitan sa paggawa ng gamot o lunas sa karaniwang sakit ng mga poultry animals. | | |
| Naisagawa nang wasto, maayos, at may pag-iingat ang paghahanda ng gamot. | | |
| Natukoy ang bahagi ng halaman ang gagamitin sa paghahanda ng gamot. | | |
| Natukoy ang mga karaniwang sakit na maaaring lunas ng gamot na kanilang naihanda. | | |
| Natalakay ang pamamaraan ng paghahanda ng halamang gamot. | | |
| Natalakay ang dami ng gamot na maaring ibigay sa *poultry animals.* | | |
| **Kabuuan** | | |
| Tala sa mga Mag-aaral: | | |

ito ay dapat kasama ang mga nakakatanda o mga magulang sa paghahanda ng mga ito.

Gamitin ang score card upang maging gabay sa paggawa ng halamang gamot. Dalawang puntos ang bawat tamang katangian na ipinamalas. Maaring dagdagan ang pamantayan upang makabuo ng 15 puntos sa gawaing ito.

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| **D. Paglalahat** | 1. **Pabaong Pagkatuto**<br>**Remember Me**: Tukuyin ang mga karaniwang sakit ng mga *poultry animals*, ibigay ang karaniwang palatandaan ng mga sakit na ito.<br><br> | Alalahanin na mapalabas ang integrasyon ng SDG 8 and 12 sa bahaging ito. |

**1. Pagninilay sa Pagkatuto**

**Panuto.** Punan ang bawat kahon. Isulat ang mga bagay na nagawa mo na, hindi pa nagagawa at nais mo pang gawin upang mapangalagaan ang mga *poultry animals.*

Aking nagawa........

Hindi pa nagagawa........

Nais gawin.....................

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Pagtapat-tapain: Pagtapat-tapatin ang palatandaan ng mga sakit na nasa Hanay A sa kolum B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.<br>A B<br>_______ 1) Ang puting pagtatae sa manok ay isang palatandaan. — a. Avian Flu<br>_______ 2) Mas laganap ito kapag stressed ang mga alaga. — b. Pneumonia<br>_______ 3) Ang necrotic enteritis ay sanhi ng paglaki ng bituka ng Clostridium perfringens. — c. Fowl pox<br>_______ 4) Ito ay nakakahawang sakit ng mga ibon dulot ng avian influenza type A virus. — d. Enteritis<br>_______ 5) Ang paggamot ay sa pamamagitan ng inuming tubig na may gamot na antimicrobial. — e. Pullorosis<br>_______ 6) Ang bacteria na sanhi ng sakit na ito ay naipapasa sa pamamagitan ng mga itlog at mga bagay na ginagamit sa pag-aalaga.<br>_______ 7) Epekto ito ng bacteria na Mycoplasma gallisepticum | Ibigay ang pagsusulit. Maaring gamitan ito ng estratehiya upang maging kapana-panabik ang gawaing ito gaya ng Tumpakners. |

_______ 8) Isa sa mga palatandaan nito ay ang pagkakaroon ng purplish discoloration ng iba't ibang bahagi ng katawan.

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

Panuto. Panoorin ang bidyo para sa talakayan sa susunod na aralin at sagutin ang mga sumusunod na mga tanong.




Tamang Pangangalaga sa Itlog ng Manok
https://www.youtube.com/watch?v=lJuqOzFn43o

**Mga Tanong:**

1) Ayon sa bidyo, ano ang tamang pag-aalaga sa itlog ng manok?
2) Ginagawa niyo rin ba sa inyong tahanan ang tamang pag-aalaga sa itlog ng manok?

| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |



| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:*** Ann-Jelly A. Dolendo | ***Sinuri ni:*** *Jeffrey C. Ginez* |
| ***Institusyon:*** Wonderful Grace Learning Center | ***Institusyon:*** *Philippine Normal University- Manila* |